# Fact Sheet ng Code ng Pagkain #33

*Kung ano ang dapat mong malaman tungkol sa code*

WWW.HEALTHOREGON.ORG/FOODSAFETY

## Paglilinis sa Tangke ng Mobile Food Unit

### OAR 333-150-0000, KABANATA 5-304.15

**5-304.15 Paglilinis sa Tangke ng Tubig.**
(A) Ang mga tangke ng inuming tubig sa mobile food unit ay dapat na dinisenyo na madaling mapagkukunan at nakikita ang loob ng lalagyan para matiyak ang kalinisan kapag ininspeksyon gamit ang paningin. Hindi na kailangang matugunan ng mga mobile food unit na lisensyado bago ang Pebrero 1, 2020 ang kahilingan ito.
(B) Dapat na nalilinis ang mga tangke ng inuming tubig kahit kada anim na buwan man lang o ayon sa inirerekomenda ng tagagawa.

### MGA KADAHILANAN SA PAMPUBLIKONG KALUSUGAN:

Dapat na linisin nang regular ang mga tangke ng malinis at maruming tubig sa mobile food unit para maiwasan ang pagkakaroon ng mikrobyo o ang posibilidad na makontamina ito.

Mahalagang linisin nang madalas ang iyong mga tangke ng malinis na tubig sa mobile food unit para alam mong ligtas ang tubig na ginagamit mo. Maaaring dumami ang baktirya sa mga tangke ng tubig sa pagdaan ng mga araw na makakapagbigay ng sakit sa mga customer.

**Dapat na linisin ang mga tangke ng malinis at maruming tubig sa kada anim (6) na buwan man lang o mas madalas pa kung irerekomenda ng tagubilin ng tagagawa.**

Ilang bagay na mapag-iisipan bago simulan ang proseso ng paglilinis:

- Pupunuin mo ng malinis na tubig ang iyong buong tangke at ibubuhos ito nang dalawang beses (isang beses na may tubig na nilagyan ng klorina at isang beses gamit ang malinis na tubig para banlawan ito).
- Lumapit sa aprubadong lugar na pagtatapunan ng maruming tubig o gumamit ng lisensyadong pumper para ubusin ang laman ng iyong mga tangke ng maruming tubig sa panahon ng paglilinis.
- Para sa tubig na may klorina, gagamit ka ng solusyon na tinatawag na sodium hypochlorite, na nagtataglay ng 5-8% klorina (o kloroks). Dapat kang gumamit ng walang amoy na kloroks, na walang karagdagang timpla. Kailangang ibabad sa tubig na may klorina ang iyong mga tangke sa loob ng ilang oras, kaya gagawin mo ito kapag tapos na ang trabaho mo.
- Igarahe ang sasakyan mo sa patag na lugar para malinis nang pantay ang lahat ng bahagi ng iyong mga tangke.

Para linisin ang iyong mga tangke, kailangan mong punuin nang husto ang iyong tangke ng malinis na tubig at ibuhos ito nang dalawang beses: isang beses na may tubig na nilagyan ng klorina at isang beses gamit ang malinis na tubig para sa pagbabanlaw. Tingnan ang pahina 2 para sa espesipikong instruksyon.



***Dapat na nakikita ang loob ng mga tangke ng malinis na tubig at madaling mapagkukunan. Maaaring hindi na alisin ang mga tangke mula sa sasakyan.***

Sundin ang mga instruksyon ng tagagawa at lokal na regulasyon kapag nililinis ang mga tangke ng iyong mobile unit. Itawag sa iyong inspektor ang anumang katanungan. Tinitiyak ng regular mong pagpapanatili at wastong paglilinis na lagi kang nagbibigay ng ligtas na tubig sa mga customer mo.



Oregon Health Authority

**Inirerekomenda ng The American Water Works Association ang mga sumusunod na hakbang sa paglilinis ng iyong mga tangke ng malinis na tubig:**

1. Kalkulahin ang kapasidad ng iyong tangke ng tubig at gaano garaming kloroks ang kailangan mo para sa 50ppm na solusyon ng klorina. Makikita ang concentration calculator ng klorina sa: www.omnicalculator.com/chemistry/bleach-dilution
2. Maingat na ibuhos ang tamang dami ng kloroks sa iyong pasukan ng tangke ng malinis na tubig. Pagkatapos, magdagdag ng tubig para punuin ang tangke at gumamit ng test strip para masigurado na mayroon kang 50ppm na solusyon ng klorina (kloroks).
3. Buksan ang lahat ng gripo (mainit at malamig) hanggang sa maamoy mo ang kloroks at makitang lumalabas ang tubig na nilagyan ng 50ppm na klorina mula sa gripo habang gamit ang iyong mga test strip. Mapusyaw na asul/lila ang kulay sa puting strip.
4. Patayin ang gripo at hayaang manatili ang tubig sa tangke sa loob ng (6) na oras.
5. Huwag inumin ang tubig na ito o gamitin man sa kahit anumang bagay sa iyong mobile food unit!
6. Pagkatapos ng anim (6) na oras, ibuhos ang laman ng iyong tangke ng malinis na tubig sa tangke ng maruming tubig at maghintay nang 30 minuto.
7. Habang naghihintay ka, punan muli ang iyong tangke ng malinis na tubig gamit ang hose na gi-nagamit sa pagkain. Pagktapos, paagusin ang tubig sa iyong tangke ng malinis na tubig nang isang beses pa o hanggang sa humina ang amoy ng kloroks at hindi mo na nakikita ang asul na kulay sa iyong test strip.
8. Hindi mapanganib kung mayroon pa ring kaunting amoy ng kloroks, basta't ginamit mo ang tamang dami ng solusyon ng klorina.

## Halimbawa ng Rekord sa Paglilinis:

| | |
|---|---|
| Employee Name: | Freshwater Tank Size (gal): |
| Date: | Amount of chlorine bleach to use: |

| Date | Chlorine Concentration (ppm) | Start Time | End Time | Clean water rinse? (Y/N) | No smell from faucet when turned on? (Y/N) |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |